

3200 East Broadway Aplikasyon sa Pinagandang Rezoning



Nagbibigay ang dokumentong ito ng buod ng panukalang development sa 3200 at sa 3270 East Broadway at sa 2625 Rupert Street, pinagsamang kilala bilang 3200 East Broadway.

Ang Lungsod ng Vancouver ay humahanap ng pampublikong input sa panukalang ito sa maagang yugto ng proseso ng rezoning, tinatawag na yugto ng pinagandang rezoning.

Nais ng xʷməθkʷəy̓əm (Musqueam), Skwxwú7mesh (Squamish), səliłwətał (Tsleil-Waututh) (MST), sa pakikipagsosyo sa Aquilini Development, na i-rezone ang lugar mula sa I-2 papuntang CD-1. Pahihintulutan

nito ang mixed-use na development na naghahandog ng magkakaibang saklaw ng mga opsyon sa pabahay, pagtatrabaho at mga amenidad. Magbibigay din ito ng kakaibang oportunidad para buhayin muli ang malakas na ekonomiya ng MST at kultura sa lupa.

Mga Gabay na Prinsipyo

Ang kaalaman, mga kuwento at input na binahagi ng komunidad ng mga miyembro ng MST nations ang nagbigay ng impormasyon sa pag-develop ng ReconciliAction whorl na pinapakita sa kanan. Binigyan ng whorl ng impormasyon ang development ng dalawang konsepto.

Ang ReconciliAction Whorl ay may apat na Gabay na Prinsipyo:

- Pinasusulong ang rekonsilyasyon at pagpaplano para sa mga henerasyon sa hinaharap
- Nirerespeto ang nakaraan at niyayapos ang hinaharap
- Nagsisimula sa lupa, tubig at hangin
- Nililina ang pakiramdam ng lugar





Mga opsyon sa konsepto

OPSYON 1 — SALMON

Opsyon 1 inuuna ang tubig. Pinagdiriwang ng Salmon Concept ang pangangasiwa sa tubig at sinasalaming ang paglalakbay ng salmon sa pamamagitan ng mga board walk sa ibabaw ng sapa, na kumakanlong sa diwa ng paggalugad at ekolohikal na pagtuklas. Ang mga likas na materyales at anyo ay lumilikha ng malalim na koneksiyon sa lupa. Ang mga hardin ng komunidad ay nagtatampok ng mga tanim na katutubo at makakain na nagpaparangal sa mga tradisyong MST at ang pamana ng lupa. Iginagalang ng pamamaraang ito ang kapaligiran at niyayapos ang mga napapanatiling kasanayan, na tinitiyak ang balanseng relasyon sa pagitan ng likas at mga tinayong kapaligiran. Nilalayon ng disenyong lumikha ng makukulay na mga berdeng espasyo na nagtataguyod ng pakikipag-ugnayan sa komunidad at nagpapahusay ng biodiversity sa lungsod.



OPSYON 2 — CEDAR

Opsyon 2 inuuna ang pananim. Sa Cedar Concept, dahan-dahang umiikot ang tubig sa malalagong pananim, na ang mga paikot-ikot na daanan ay suwabeng ginagabayan ang mga tao mula sa mga gusali papunta sa gilid ng tubig. Dinadala ng mga pathway na ito ang mga indibiduwal sa mga magkakaibang landscape, kung saan ang mga parang ay suwabeng lumilipat sa mga kakahuyan sa tabi ng sapa. Ang integrasyon ng mga natural na elemento ay nagtataguyod ng malalim na koneksyon sa lupa, na kinikilala ang relasyon ng katutubo sa kapaligiran. Ang mga katutubong halaman ay isinama, at ang mga likas na materyales na nagmula sa mga puno ng cedar ay ginamit.






Proseso sa Pinagandang Rezoning

Ang 3200 East Broadway ay nasa loob ng Rupert at Renfrew Station Area Plan. Magkasabay na dinevelop ang Plan na ito kasama ng aplikasyong ito. Ang 3200 East Broadway ay minarkahan bilang kakaibang lugar sa Plan. Ang mga kakaibang lugar ay madalas malaki o masalimuot at sasailalim sa “pinagandang proseso ng rezoning”.

Sa panahon ng proseso ng pinagandang rezoning, magaganap ang pagbuo ng polisiya at pakikipag-ugnay sa komunidad, kung saan marerepaso ng publiko ang mga panukalang opsyon sa unang bahagi ng proyekto.

Sa katapusan ng yugtong ito, ang nais na konsepto ng proyekto ay isusumite bilang aplikasyon para sa rezoning.



Ano sa palagay mo?

Ibahagi ang mga nasasaisip mo sa mga opsyon ng konsepto para sa 3200 East Broadway:

- Matuto pa sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website: shapeyourcity.ca/3200eastbroadway
- Gawin ang survey online: shapeyourcity.ca/3200eastbroadway
- Kontakin kami sa: 3200ebroadway@vancouver.ca

